BIOTEST

Your reliable home test kits series

Liver Function Test Kit

Product Code 9 555223 208081
For in vitro diagnostic and self-testing use
Store at 15-30ºC

Paraan ng pag-gamit

Basahin mabuti ang ang mga impormasyon sa papel na ito bago gawin ang test. Siguraduhin i-check ang packaging para sa expiration date, huwag ng gamitin ang test kit kung nakalipas na ang petsa na nakatatak sa packaging foil. Huwag ilagay ang strips sa refrigerator o freezer sapagkat ito ay sensitibo sa matataas at mababang temperatura, huwag hawakan ang reaction area ng strips at iwasan na mabasa ito. Gamitin kaagad ang strip pagkatapos itong buksan.

Prinsipyo ng Test

Ang atay ang pangalawa sa pinakamalaking organ sa katawan, ito ay responsable sa ilang mahahalaga at komplikadong paggana sa katawan kabilang na ang ang pag alis ng mga lason sa katawan gaya ng alak, pagkokontrol sa lebel ng kolesterol sa katawan, paglalabas ng mga likido na nakatutulong sa pagtunaw ng pagkain at paglaban sa impeksyon at sakit. May bigat itong 1.35 na kilos. Ito ay kulay reddish brown at nahahati sa apat (4) na lobes na may pare-parehong sukat . Ito ay matatagpuan sa bandang kanan sa pagitan ng dibdib at tiyan.

Ang mga sumusunod ay karaniwang sintomas ng problema sa atay

- Paninilaw ng balat at ng mga puti ng mata ang kondisyong ito ay tinatawag na Jaundice
- Pananakit ng itaas na bahagi ng tiyan na may kasamang pananakit ng likuran
- Paglaki ng tiyan
- Madaling pagkapagod o panghihina at pamamayat
- Maputlang dumi at pag-ihi ng kulay tsaa

Ang mga nabanggit na sintomas ay pangunahing senyales ng problema sa atay. Ang paninilaw o Jaundice ang pinaka karaniwang sintomas sa lahat

Ang jaundice o paninilaw ng balat ay dulot ng pagtaas ng lebel ng bilirubin sa dugo na kadalasang nagmumula sa atay na nakararanas ng sakit. Ang bilirubin ay nabubuo dahil sa pagkasira ng ating pulang dugo, dahil dito ang bilirubin ay nakararating sa ugat na daluyan ng dugo at tutuloy ito sa maliit na tubo na siyang nagdudugtong ng bituka at atay. Ang maliit na tubong ito ay tinatawag na “bile duct’. Ang bilirubin ay maaari rin maipon sa ating apdo isang maliit na organo na nagdudugtong sa bile duct.

Sa loob ng bituka, ang biluribin ay maaaring mapalitan ng urobilinogen dahil sa pagkakabuo ng mga bakteriya sa bituka. Ang maliit na porsyento nito ay maaaring humalo sa ating dugo na magiging dahilan ng pagtaas ng lebel ng urobilinogen o bilirubin dahil dito makikita na ang bilirubin sa ihi.

Ang mga kundisyon na maaaring magpataas ng bilang ng urobilinogen o bilirubin ay ang mga sumusunod.

1. Sobrang pagkadurog ng ating mga pulang dugo, ito ay karaniwan nakikita sa mga sanggol o iyong tinatawag na jaundice o paninilaw ng balat
2. Pagbabara ng biliary tract na may kaugnay sa bato sa apdo, tumor o pamamaga ng atay na siyang pipigil sa paggalaw ng bilirubin palabas ng ating katawan.
3. Sakit sa atay gaya ng hepatitis o impeksyon, kanser at ang pagkasira ng atay na siyang nagiging dahilan upang magampanan ng atay ang kanyang mga tungkulin. Isa sa karaniwang sanhi nito ay ang sobrang pag-inom ng alak.


Ang Biotest Liver Function Test Kit ay mayroong dalawang (2) dip-and-read na strips, ang pangunahing gamit nito ay suriin ang bilirubin at urobilinogen sa ihi upang matukoy ang problema sa atay at apdo.

Mga pag-iingat at babala

- Basahing mabuti ang lahat ng impormasyon sa papel na ito bago gawin ang pagsusuri
- Huwag ng gamitin ang test kit kung ito ay ay expired na
- Kung ang pakete ay hindi selyadong maigi huwag na itong gamitin.
- Ang test kit ay sensitibo sa temperatura hindi ito dapat buksan sa lugar na sobrang lamig at sobrang init. Dapat buksan ito sa room temperature lamang
- Gawin ang test sa lugar kung saan may sapat na liwanag
- Kailangan gamitin agad ang test kit kung nabuksan na ang packaging foil nito
- Huwag hawakan ang test area, ito ang pinaka importanteng parte ng strips na ilulubog sa specimen o ihii. Laging tandaan na ito ay sensitibo, kung hindi susundin ang mga babala maaaring maapektuhan ang ilalabas na resulta.
- Gamitin ang kasamang cup at itapon pagkatapos gawin ang test
- Ang pouch ay may kasamang silica gel upang maiwasan ang moisture. Huwag itong buksan at itapon kasama ng mga ginamit sa test.
- Huwag itong ilagay sa Freezer o pagyeluhin
- Pagkaraan gawin ang test, pagsama samahin ito at saka itapon. Huwag kalimutang maghugas ng kamay
- Ang natirang ihi ay itapon sa toilet bowl
- Siguraduhing hindi maaabot ng mga bata
- Ito ay hindi iniinom at ginagamit lamang externally

Paano gamitin

Gamitin ang kasamang collection cup para sa ihi. Simulan kagad ang test pagkatapos kuhanin ang ihi. Kinakailangang sundin mabuti ang mga pamamaraan upang makuha ang tamang resulta sa test



1. Ihanda ang ihi
2. Tanggalin ang strip mula sa pouch o supot. Maging pamilyar sa mga posisyon ng reaction area ng bilirubin at urobilinogen. Ang kulay beige ay para sa ketone at ang green ay para sa glucose. ikaping maging pamilyar sa colour chart na matatagpuan sa kahon ng Biotest Test Kits
3. Ilubog ang test strip sa ihi ng hindi tatagal sa isang segundo
4. I-angat mula sa pagkakalubog sa ihi ang dipstick at ipagpag ito sa gilid ng cup upang matanggal ang sobrang ihi iilapat ito sa colour chart na matatagpuan sa box, nakalarawan sa box kung saan ito dapat ipatong siguraduhin hindi nakataob ang pagkakalagay.
5. Hayaan lang muna ang strips sa loob lamang ng tatlumpung (30) segundo upang mag reak ang mga ihi sa test strips
6. Ikumpara ang resulta sa mga kulay na nakikita sa colour chart sa box. Habang ikinukumpara panatilihin sa pahalang na posisyon ang strip upang maiwasan ang maghalo ang kulay ng 2 color box sa strip.
7. Tukuyin ang may pinakamalapit na kulay sa colour chart. Kung ang pagbabago ng kulay ay nakita lamang sa mga gilid ng reaction area maaaring may pagkakamali sa ginawang proseso, ulitin ang test. Ang resulta ay hindi na balido pagkalipas ng anim-napung (60) segundo.

Resulta

Ang resulta ay makukuha sa pamamagitan ng pagkukumpara ng test strip sa nakaprint na mga kulay na matatagpuan sa box. Tignan ang gabay sa baba para sa interpretasyon at rekomendasyon .

Resulta para sa Bilirubin	Resulta para sa Urobilinogen	Interpretasyon
+ ++ +++	+ ++ +++ ++++	Maaaring mayroon ka ng mga nabanggit na kondisyon. Upang maliwanagan kaagad na kumosulta sa doktor
+ ++ +++	Trace	Maaaring mayroon ka ng pangalawang kondisyon ang pagbabara ng biliary tract. Ang sanhi nito ay ang presensya ng mga bato sa bile tract. Makabubuting kumonsulta agad sa iyong doktor.
Negative	+ ++ +++ ++++	Ang normal na urine ay kadalasang kulay light tan o medyo pink. Ito ay maituturing na normal lamang. Ang mataas na konsentrasyon ng urobilinogen at ang pagiging negatibo sa bilirubin at hindi pang karaniwan. Ulitin muli ang test gamit ang bagong kuhang ihi. Kung ang nakuhang resulta ay pareho sa nauna, kumonsulta agad sa iyong doktor.
Negative	Trace	Wala kang problema sa atay. Ngunit kung may nararanasang mga sintomas bukod sa paninilaw ng balat at ng puti ng mga mata, maaaring may problema na hindi kaugnay sa atay.

Payo

Ang Biotest Liver Function Test Kit ay unang gabay lamang. Mayroong mga limitasyon ang test kung saan maaaring maapektuhan ang resulta nito dulot ng abnormal na kulay ng ihi at mga gamot na kasalukuyang iniinom.

Ang mga gamot na maaaring makaapekto sa resulta ng bilirubin ay phenazopyridine at phenothiazines. Para naman sa urobilinogen ay ang mga sumusunod cetazolamide, amino-salicylic acid, antipyrine, aspirin, Bromsulphalein, cascara, chlorpromazine, 5-hydroxyindoleacetic acid, phenaxopyridine, phenothiazines and sulfonamides.

Kung ang nakuhang resulta ay nagsasabing may problema ka sa atay, ipinapayo namin na kaagad kumonsulta sa iyong doktor upang masuring mabuti. Kung nakakuha naman ng negatibong resulta ngunit nakararanas ng mga sintomas, kaagad din na kumonsulta sa iyong doktor o di kaya ay gawin ang test isang beses pagkaraan ng anim (6) na buwan

Dapat maunawaan na ang Biotest Test Kits ay paunang screening at gabay lamang. Hindi ito naglalayon na tukuyin na ikaw ay positibo kaagad sa anumang sakit. Kumonsulta sa doktor upang kompirmahin ang nakuhang resulta.

Salin 4.2013

pamamagitan ng Atlas Medical
William James House, Cowley Road, Cambridge, CB4 0WX, UK
BIOTEST is a trademark of Bio-gro Sdn Bhd.
Visit www.bio-test.info